

WORD

Pagkatapos, pumunta si Daniel sa hari at hiniling niya na bigyan siya ng panahong maipaliwanag ang kahulugan ng panaginip ng hari. DANIEL 2:14-16 (Basahin din ang DANIEL 2:14,15.)

WHAT

Lahat ng matalinong lalaki ng Babilonia ay nasa panganib at bibitayin dahil walang sinuman ang makapagpaliwanag ng panaginip ni Haring Nebucadnezar. Gayunman, si Daniel sa wakas ay nanghimasok, nanindigan, at namagitan sa hari at sa lahat ng mga matatalinong lalaki sa Babilonia. Hiniling niya na bigyan siya ng mahabang panahon upang maipaliwanag ang panaginip. Sa pamamagitan ng pangitain, ibinunyag ito ng Diyos kay Daniel at ang isang henerasyon ng mga matatalinong lalaki ay naligtas. Anong aral ang mapupulot natin mula sa kasaysayan na ito at papaano natin ito maisasapamuhay ngayon?

1 Kailangan ng tapang at panalangin upang manindigan para iyong henerasyon.

Hiniling niya sa mga ito na manalangin para kaawaan sila ng Diyos sa langit at nang malaman nila ang kahulugan ng panaginip ng hari, upang hindi sila patayin kasama ang iba pang marurunong sa buong Babilonia. DANIEL 2:18 (Basahin din ang DANIEL 2:16,17.)

Si Daniel ay may taglay na tapang na humarap sa haring Nebucadnezar at kausapin ito. Siya ay isang taong mapagdasal, at siya rin ang nag-udyok sa kanyang mga kaibigan na manalangin at hilingin sa Diyos ang kapaliwanagan ng panaginip ng hari. Tulad lamang ni Daniel, tayo ay kinakailangan ding maging matapang para sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Kinakailangan nating manalangin kasama ang ating mga kaibigan, mga tao sa simbahan, mga kaanak, at hindi lamang sa ating sarili. Papaano mo isasalarawan ang kasalukuyan mong buhay panalangin?

2 Kailangan ng malinaw na panawagan at kapahayagan mula sa Diyos upang manindigan para sa iyong henerasyon.

Kapag tinanggihan ng isang bansa ang turo at gabay ng Diyos ito ay walang kapayapaan. Ngunit ang sinumang sumusunod sa turo ng Diyos ay mapalad. KAWIKAAN 29:18

Ang pagkakaroon ng kapaliwanagan sa panaginip ng isang hari ay malinaw na panawagan para kay Daniel at ng mga panahon na yaon ay kinilala niya dahil may ugnayan siya sa Diyos at kilala niyang mabuti ang tinig ng Diyos. Ang pagpapahayag ng Diyos sa Kanyang Sarili at sa Kanyang mga plano ay pangunahing nagmumula sa Kanyang Salita. Ano sa palagay mo ang panawagan sa iyo ng Diyos sa iyong henerasyon? Papaano ka magiging matalas sa Kanyang kapahayagan?

3 Isinasalarawan ng kwento ni Daniel si Jesus na Siyang nanindigan at lumaban para sa mga nauna, kasalukuyan, at mga hinaharap na henerasyon.

¹Iniligtas at tinawag tayo ng Diyos para maging kanya, hindi dahil sa ating mga gawa kundi ayon sa layunin at biyaya na ibinigay sa atin ni Kristo Jesus bago pa nagsimula ang panahon. 2 TIMOTEO 1:9 (Basahin din ang 2 TIMOTEO 1:10.)

Hindi katulad ni Daniel na nailigtas lamang ang henerasyon ng mga matatalinong lalaki, si Jesus ay lumaban para sa mga tao, mga tribo at mga bansa ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na henerasyon. Inihaon Niya tayo mula sa mga patay. Tinubos Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang tinapos na gawa sa krus. Ngayong si Kristo ay nasa ating mga buhay, maaari na tayong maging mensahero ng Mabuting Balita sa ating kasalukuyang henerasyon. Sa paanong madaling paraan ka makapaninindigan sa iyong henerasyon sa ngayon?
